HALAW SA KATITIKAN NG IKA-129 PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-20225) NG CAVINTI, LAGUNA , NA GINANAP NOONG IKA-2 NG HUNYO, 2025, DITO SA BULWAGANG PULUNGANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO : KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANGALAWANG PUNUMBAYAN.

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Memer;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC President;and
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

HINDI DUMALO: Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
(*Official Business*)

## KAPASIYAHAN BLG. 623 - 2025

**KAPASIYAHAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA, NA NAGPAPAABOT NG TAPOS PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAGYAO NG DATING PUNONG BARANGAY NILO B. DELA TORRE NG BARANGAY CANSUSO, CAVINTI, LAGUNA**

**Akda : KGG. ROMEL J. VILLANUEVA**, SB Member;
Tagapangulo, Lupon ng Edukasyon, Batas at mga Usaping Legal

**SAPAGKAT,** si **G. NILO B. DELA TORRE**, isang magsasaka, isang simpleng mamamayan, na minsan ay nangarap at naghangad na maglingkod sa kanyang mga kabarangay bilang Punong barangay ng Cansuso, Cavinti, Laguna sa nilolooban ng tatlong termino ng paglilingkod at maluwalahati niyang nagamapan ang kanyang tungkuling bilang ama ng barangay at nakapag-ambag ng kanyang kaalaman para sa kaunlaran ng kanilang barangay;

**SAPAGKAT,** si **G. NILO B. DELA TORRE** ay ginugol ang kanyang panahon sa matapat niyang paglilingkod sa barangay at dedikasyon sa kanyang serbiysong ipinagkaloob sa mga mamamayan sa panahon ng kanyang panunungkulan at ito ay pinatunayan ng kanyang walang pagtatanging pagtulong at pagbibigay ng suporta sa kanyang mga kabarangay;

**DAHIL DITO**, matapos ang pagbabalik-gunita sa mga tala ng kanyang paglilingkuran, sa mungkahi ni Kagawad Romel J. Villanueva, na pinangalawahan at buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya nang ngayon ay ginagawang pagpapasiya na NAGPAPAABOT NG TAPOS PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI ANG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN AT ANG BUONG LOKAL NA PAMAHALAAN NG CAVINTI SA PAGYAO NG DATING PUNONG BARANGAY

ARNANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

MILBERT DE LEON OLIVEROS
Vice Mayor

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

Office of the Municipal Administrator
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY:
DATE: 6-30-25 TIME:

NILO B. DELA TORRE NG BARANGAY CANSUSO, CAVINTI, LAGUNA ang kanyang ala-ala ay mananatiling buhay sa puso at damdamin ng mga taga Cavinti at ang kanyang pangalan ay matatala sa kasaysayan ng bayang ito sa habang panahon.

**IPINASIYA PA RIN**, na ipinaabot sa pamilya ng namayapang dating Punong Barangay Nilo B. Dela Torre , ang mensaheng ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sipi ng kapasiyahang ito.

**PINAGTIBAY.**

PINATUTUNAYAN KO na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-129 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan (2022-2024) Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-2 ng Hunyo, 2025.

**NITZSHELL TORRES – DELA TORRE**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**Pangalawang Punumbayan at Nangulong Pinuno**

**PINAGTITIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**